



OCT 09 2006

KAUTUSANG PANGKAGAWARAN

Blg. **42.** s. 2006

PAG-REVIEW NG "2001 REVISYON NG ALFABETO
AT PATNUBAY SA ISPELING NG WIKANG FILIPINO"

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay kasalukuyang nagsasagawa ng pag-review sa "2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino". Ito ay bunga ng mga negatibong feedback mula sa mga guro, estudyante, magulang at iba pang tagagamit ng wika kaugnay ng nilalaman ng binagong patnubay sa ispelang at ang implementasyon nito.
2. Kaugnay nito, itinatagubilin sa lahat ng mga kinauukulan na itigil muna ang implementasyon ng nabanggit na revisyon habang nirereview ito at pansamantalang sengguniin ang 1987 Alpabeto at Patnubay sa Ispeling (Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987) para sa paghahanda o pagsulat ng mga sangguniang kagamitan sa pagtuturo at sa mga korespondensya opisyal.
3. Kalakip nito ang 1987 Patnubay sa Wikang Filipino na binuo ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas na ngayon ay Komisyon sa Wikang Filipino.
4. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Kautusang ito.


JESLI A. LAPUS
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Kautusang Pangkagawaran (Blg. 81, s. 1987)

Pamumudmod: 1—(50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

- / BUREAUS & OFFICES
- / LANGUAGE
- / RULES & REGULATIONS
- / SOCIETY or ASSOCIATIONS

**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
LINANGAN NG MGA WIKA SA PILIPINAS
(Surian ng Wikang Pambansa)
Lungsod ng Quezon)**

ANG ALPABETO AT PATNUBAY SA ISPELING NG WIKANG FILIPINO¹

Ang Alpabetong Filipino

Ang Alpabetong Filipino ay binubuo ng 28 letra na ang ayos ay ganito:

A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K, L, M, N, Ñ, NG,
O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z.

Sa 28- letrang alpabeto, ang 20- letrang orihinal na abakada : A, B, K, D, E, G, H, I, L, M, N, NG, O, P, R, S, T, U, W, Y ay ginagamit sa mga karaniwang salitang tinanggap o naasimila na sa bokabularyo o talasalitaan ng wikang pambansa.

Halimbawa:

b <u>a</u> nyo (ba <u>ñ</u> o)	tr <u>a</u> k (tr <u>u</u> ck)
b <u>i</u> ntana (v <u>e</u> ntana)	n <u>a</u> rs (n <u>u</u> rse)

Ang Pagbasa sa mga Letra. Ang tawag sa mga letra ng alpabetong Filipino ay ayon sa bigkas-Ingles ng mga Pilipino maliban sa Ñ (enye) na tawag-Kastila.

A,	B,	C,	D,	E,	F,	G,	H,	I,	J,
/ey/,	/bi/,	/si/,	/di/,	/i/,	/ef/,	/dzi/,	/eyts/,	/ay/,	/dzey/,
K	L,	M,	N,	Ñ,	NG,	O,	P,	Q,	
/key/,	/el/,	/em/,	/en/,	/enyel/,	/en dzi/,	/ol/,	/pi/,	/kyu/,	
R,	S,	T,	U,	V,	W,	X,	Y,	Z	
/ar/,	/es/,	/ti/,	/yu/,	/ni/,	/dobol yu/,	/eks/,	/way/,	/zi/,	

¹Ang dokumentong ito ay nakalakip sa sipi ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987 ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports na nilagdaan ni Kalihim Lourdes Quisumbing noong Agosto 6, 1987. Ang nilalaman nito ay gaya ng sa orihinal, hindi kasama ang mga *footnote*.

²Malinaw na ang intensyon ng may-akda ng patnubay na ito ay ipakita kung paano aktwal na binibigkas ang mga letra. Kung gayon, mas angkop na ang markang ponetiko [] o simpleng " " na lamang, sa halip na / /, ang ginamit dito.

Mga Tuntuning Panlahat

Una. Pabigkas na Pagbaybay

Ang pabigkas o pasalitang pagbaybay sa Filipino ay patitik at hindi papantig. Ang ispeleng o pagbaybay ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkakasunud-sunod ng mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, daglat, akronim, inisyal, simbolong pang-agham, atb. (Paliwanag: Ang mga nasa loob ng dalawang guhit na pahilis ay bigkas ng pasalitang baybay.)³

Halimbawa:

Salita	= boto	= /bi-o-ti-o/	
	plano	= /pi-el-ey-en-o/	
	Fajardo	= /Kapital ef-ey-dzey-ey-ar-di-o/	
	xerox	= /eks-i-ar-o-eks/	
	cañao	= /si-ey-enye-ey-o/	
Pantig	= a	= /ey/	eks = /i-key-es/
	la	= /el-ey/	plan = /pi-el-ey-en/
	am	= /ey-em/	kon = /key-o-en/
	bra	= /bi-ar-ey/	trans = /ti-ar-ey-en-es/
Daglat	= Bb. (Binibini)	= /Kapital bi-bi/	
	G. (Ginoo)	= /Kapital dzi/	
	Gng. (Ginang)	= /Kapital dzi-en-dzi/	
	Kgg. (Kagalang-galang)	= /Kapital key-dzi-dzi/	
	Dr. (Doktor)	= /Kapital di-ar/	
Akronim	= PSLF (Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino)	= /pi-es-el-ef/	
	GAT (Galian sa Arte at Tula)	= /dzi-ey-ti/	
	KBP (Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas)	= /key-bi-pi/	
	LIRA (Lirika, Imahen, Retorika at Arte)	= /el-ay-ar-ey/	
	PLM (Pamantasan ng Lungsod ng Maynila)	= /pi-el-em/	

³Sa ganang amin ay mas angkop din kung ang markang ponetiko [] o simpleng " " na lamang, sa halip na / /, ang ginamit sa mga sumunod na halimbawa.

KDPP (Kapisanan ng
mga Direktor sa
Pelikulang Filipino = /key-di-pi-pi/

Inisyal = MLQ (Manuel L. Quezon) = /em-el-kyu/
MAR (Manuel A. Roxas) = /em-ey-ar/

CPG (Carlos P. Garcia) = /si-pi-dzi/
CPR (Carlos P. Romulo) = /si-pi-ar/
LKS (Lope K. Santos) = /el-key-es/
JVP (Jose Villa
Panganiban) = /dzey-vi-pi/
FJG (Fausto J. Galauran) = /ef-dzey-dzi/

Simbolong
pang-agham = Fe = /ef-i/
H₂O = /eyts-tu-o/
C = /si/
I = /ay/
NaCl = /en-ey-si-el/

Pangalawa. Pasulat na Pagbaybay

Mananatili sa pagsulat at pagbasa ng mga karaniwang salita ang isa-sa-
isang tumbasan ng letra at makabuluhang tunog na ang ibig sabihin, isa lamang
ang tunog sa pagbigkas ng bawat letra kapag naging bahagi ng mga karaniwang
salita. Pansinin na magkaiba ang pagtawag sa mga letra at sa pagbigkas o
pagpapatunog sa mga ito.

- a. Sa pagsulat ng mga katutubong salita at mga hiram na karaniwang
salita na naasimila na sa sistema ng pagbaybay sa wikang pambansa
ay susundin pa rin ang kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung
ano ang sulat ay siyang basa.

Halimbawa:

<u>b</u> apor (<u>v</u> apor)	<u>b</u> angko (<u>b</u> anco)
<u>s</u> entro (<u>c</u> entro)	<u>k</u> otse (<u>c</u> oche)
<u>k</u> ahon (<u>c</u> ajon)	<u>s</u> enyas (<u>s</u> eñas)
<u>b</u> anyera (<u>b</u> añera)	<u>s</u> igarilyo (<u>c</u> igarrillo)
<u>k</u> alye (<u>c</u> alle)	<u>p</u> anatiko (<u>f</u> anatico)

- b. Ang dagdag na walong (8) letra : C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z - ay
ginagamit sa mga :

1) Pantanging ngalan

Halimbawa:

<u>Tao</u>	<u>Lugar</u>
Carmelita	Canada
Conchita	Luzon
Quirino	Visayas
Exequiel	San Fernando
Joel	Jolo
Vinzon	Texas
Ferrer	Novaliches
Zuñiga	Nueva Vizcaya

<u>Gusali</u>	<u>Sasakyan</u>
Ablaza Bldg.	Victory Liner
Certeza Bldg.	Qantas Airlines
State Condominium	Doña Florentina
Twin Towers	Thai Airlines
Pilipinas Hotel	JAM Liner

2) Salitang katutubo mula sa ibang wika sa Pilipinas.

Halimbawa:

cañao	(panseremonyang sayaw ng mga Igorot)
Hadji	(lalaking Muslim na nakarating sa Mecca)
masjid	(moske, pook dalanginan)
vakul	(panakip sa ulo bilang pananggalang sa ulan at init ng araw na yari sa isang uri ng palmera o dahon ng saging)
ifun	(pinakamaliit na banak)
azan	(unang panawagan sa pagdarasal)

Pangatlo - Panumbas sa mga Hiram na Salita

Sa paghanap ng panumbas sa mga hiram na salita buhat sa wikang Ingles, maaaring sundin ang mga sumusunod na paraan:

- a. Ang unang pinagkukunan ng mga salitang maaaring itumbas ay ang leksikon ng kasalukuyang Filipino.

Halimbawa:

Hiram na salita

Filipino

rule
ability
skill
east
west

tuntunin
kakayahan
kasanayan
silangan
kanluran

- b. Maaaring kumuha o gumamit ng mga salitang mula sa ibang katutubong-wika ng bansa.

Halimbawa:

pinakbet
dinengdeng
cañao

bana
imam
hadji

- c. Sa panghihiram ng salita na katumbas sa Ingles at sa Kastila, unang preperensya ang hiram sa Kastila. Iniaayon sa bigkas ng salitang Kastila ang pagbaybay sa Filipino.

Halimbawa:

Ingles

Kastila

Filipino

check
liter
liquid
education

cheque
litro
liquido
educacion

tseke
litro
likido
edukasyon

- d. Kung walang katumbas sa Kastila o kung mayroon man ay maaaring hindi maunawaan ng nakararami, hinihiram nang tuwiran ang katawagang Ingles at binabaybay ito ayon sa sumusunod na paraan:

1. Kung konsistent ang baybay ng salita, hiram in ito nang walang pagbabago

Halimbawa:

Salitang Banyaga

Filipino

reporter
editor
soprano

reporter
editor
soprano

alto
salami
memorandum

alto
salami
memorandum

2. Kung hindi konsistent ang baybay ng salita, hiramín ito at baybayin nang konsistent, ayon sa simulaing kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa.

Halimbawa:

Salitang Hiram

control
meeting
leader
teacher
truck
nurse
score
linguist

Filipino

kontrol
miting
lider
titser
trak
nars
iskor
linggwist

- a. Gayunpaman may ilang salitang hiram na maaaring baybayin sa dalawang kaanyuan, ngunit kailangan ang konsistensi sa paggamit.

Halimbawa:

barangay
kongreso
tango (sayaw)
kongregasyon
kongresista
bingo

baranggay
konggreso
tanggo
konggregasyon
konggresista
binggo

- 3) May mga salita sa Ingles o sa iba pang banyagang wika na lubhang di konsistent ang ispeleng o lubhang malayo ang ispeleng sa bigkas na :

- a. Maaaring hayaan na muna sa orihinal na anyo o panatilihin ang ispeleng sapagkat kapag binaybay ayon sa alpabetong Filipino ay hindi na mabakas ang orihinal na ispeleng nito.

Halimbawa:

coach

rendezvous

sandwich
clutch
brochure
doughnut
toupee

sausage
champagne
habeas corpus
coup d' etat
pizza pie

b. Maaaring hiramín nang walang pagbabago ang mga salitang pang-agham at teknikal.

Halimbawa:

calcium
quartz
zinc oxide
fluorine
xylem
latex

x-ray
xerox
visa
goal (laro)
quota
disc jockey

4) Hiramín nang walang pagbabago ang mga simbolong pang-agham.

Halimbawa:

Fe	(iron)
H ₂ O	(water)
C	(charcoal, carbon)
I	(iodine)
NaCL	(salt)
ZnO	(zinc oxide)
SiO ₂	(quartz)
F	(fluorine)
Co ₂	(carbon dioxide)

Pang-apat. Mga Salitang May Magkasunod Na Patinig

Ang mga salitang hiram na may magkasunod na patinig ay maaaring baybayin sa dalawang kaanyuan, nguni't kailangang may konsistensi sa paggamit ng alinmang kaanyuan.

Magkasunod na Patinig

Halimbawa

(a) ia = ya, iya piano = pyano, piyano
dialecto = dyalekto, diyalekto

		<u>colegiala</u>	=	<u>kolehyala</u> , <u>kolehiyala</u>
		<u>cristiano</u>	=	<u>kristyano</u> , <u>kristiyano</u>
		<u>provincia</u>	=	<u>probinsya</u> , <u>probinsiya</u>
		<u>sentencia</u>	=	<u>sentensya</u> , <u>sentensiya</u>
(b)	ie = ye, iye	<u>tiempo</u>	=	<u>tyempo</u> , <u>tiyempo</u>
		<u>bienes</u>	=	<u>byenes</u> , <u>biyenes</u>
		<u>infierno</u>	=	<u>impyerno</u> , <u>impiyerno</u>
		<u>emienda</u>	=	<u>emyenda</u> , <u>emiyenda</u>
		<u>pie</u>	=	<u>pye</u> , <u>piye</u>
(c)	io = yo, iyo	<u>Dios</u>	=	<u>Dyos</u> , <u>Diyos</u>
		<u>violin</u>	=	<u>byolin</u> , <u>biyolin</u>
		<u>bibliografia</u>	=	<u>biblyograpiya</u> , <u>bibliyograpiya</u>
		<u>heliografia</u>	=	<u>helyograpiya</u> , <u>heliyograpiya</u>
		<u>rosario</u>	=	<u>rosaryo</u> , <u>rosariyo</u>
		<u>exportacion</u>	=	<u>eksportasyon</u> , <u>eksportasyon</u>
(d)	ua = wa, uwa	<u>guapo</u>	=	<u>gwapo</u> , <u>guwapo</u>
		<u>cuarto</u>	=	<u>kwarto</u> , <u>kuwato</u>
		<u>aguador</u>	=	<u>agwador</u> , <u>aguwador</u>
		<u>santuario</u>	=	<u>santwaryo</u> , <u>santuwariyo</u>
		<u>estatua</u>	=	<u>istatwa</u> , <u>istatuwa</u>
(e)	ue = we, uwe	<u>cuento</u>	=	<u>kwento</u> , <u>kuwento</u>
		<u>suerte</u>	=	<u>swerte</u> , <u>suwerto</u>
		<u>absuelto</u>	=	<u>abswelto</u> , <u>absuwelto</u>
		<u>descuento</u>	=	<u>diskwento</u> , <u>diskuwento</u>
(f)	ui = wi, uwi	<u>buitre</u>	=	<u>bwitre</u> , <u>buwitre</u>
		<u>perjuicio</u>	=	<u>perhwisyo</u> , <u>perhuwisiyo</u>

Panlima. Ang Pantig

Ang pantig ay isang saltik ng dila o walang antalang bugso ng tinig sa pagbigkas ng salita. Ang bawat bigkas ng bibig ay laging may isang patinig.

Halimbawa:

a-ko	sam-bot
i-i-wan	mag-a-ral
it-log	ma-a-a-ri

Dahil sa pagkaasimila sa talasalitaan ng wikang pambansa ng mga hiram na salita, ang dating apat na kayarian o kaanyuan ng pantig ay naragdagan ng lima, kung kayat sa kasalukuyan ay may siyam na kayarian na ng pantig.

Sa mga halimbawang sumusunod, ang pantig ay tinutukoy ayon sa kayarian nito. Ang pagtukoy sa pantig, gayundin sa kayarian nito ay sa pamamagitan ng paggamit ng simbolo: K para sa katinig, P para sa patinig.

Tradisyunal na Kayarian⁴

P¹
KP
PK
KPK

Halimbawa

u-pa
ma-li
ma-is
han-da

Karagdagang Kayarian

KKP
PKK
KKPK
KPKK
KKPKK

pri-to
eks-per-to
plan-tsa
kard
trans-krip-syon

a. Ang Pagpapantig

Ang pagpapantig ay paraan ng paghahati ng salita sa pantig o mga pantig.

⁴ Ang ponetikong transkripsyon ng salitang "upa" ay [ʔu.pa]; ang sa "mais" ay [ma.ʔis]. Pansinin na ang unang pantig ng "upa" ay pinangungunahan ng impit na tunog (*glottal stop*), gayundin ang ikalawang pantig ng "mais". Ang simbolong (ʔ) ay para sa paghahati ng pantig, at ang (ˈ) ay para sa diin (*stress*). Samakatuwid ang istruktura ng pantig sa katutubong salita sa Filipino ay KP at KPK lamang. Ang mga salitang sa sulat ay nagsisimula sa patinig ay aktwal na nagsisimula sa *glottal stop* bagamat nakagawian nang hindi isulat ang tunog na ito. Walang pantig sa katutubong salita sa Filipino na nagsisimula sa patinig. Ang anumang salitang nasusulat na may magkasunod na patinig ay pinagigitnaan ng *glottal stop* gaya ng makikita sa "mais" [ma.ʔis]. Ang *glottal stop* ay maaari ding ipahayag ng tuldik na malumi (ˊ), gaya ng makikita sa salitang "tamà" [ˈta.maʔ]; ng tuldik na maragsa (ˋ) gaya ng makikita sa "basà" [ba.ˋsaʔ], at ng gitling gaya ng makikita sa salitang "pag-asa" [pag.ʔa.sa].

- 1) Kapag may magkasunod na dalawa o higit pang patinig sa posisyong inisyal, midyal at pinal ng salita ito ay hiwalay na mga pantig.

<u>Salita</u>	<u>Mga Pantig</u>
a <u>a</u> lis	a-a-lis
ma <u>a</u> ga	ma-a-ga
to <u>o</u>	to-to-o

- 2) Kapag may mga katinig na magkasunod sa loob ng :

- a) Katutubong salita, ang una ay kasama sa patinig na sinusundan at ang pangalawa ay sa patinig na kasunod.

Halimbawa:

<u>Salita</u>	<u>Mga Pantig</u>
b <u>u</u> ksan	buk-san
pin <u>t</u> o	pin-to
tuk <u>t</u> ok	tuk-tok
pan <u>t</u> ig	pan-tig

- b) Hiram na salitang naasimila sa talasalitaang Filipino:

- 1) Na may magkasunod na dalawang katinig ay karaniwang kasama sa kasunod na patinig.

Halimbawa:

<u>Salita</u>	<u>Mga Pantig</u>
sob <u>r</u> e	so-bre
ko <u>p</u> ya	ko-pya
ka <u>p</u> re	ka-pre
to <u>k</u> wa	to-kwa

- 2) Na may tatlong katinig na magkasunod, ang unang dalawa ay kasama sa patinig na sinusundan at ang huli ay sa patinig na kasunod.

Halimbawa:

Salita

eksperto
transportasyon
eksperimento

Mga Pantig

eks-per-to
trans-por-tas-yon
eks-pe-ri-men-to

Pansinin: Kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay m o n at ang kasunod na dalawa ay bl, br, dr, pl, tr, ang unang katinig (m o n) ay sa sinusundang patinig kasama at ang huling dalawa ay sa kasunod na patinig.

Halimbawa:

Salita

asamblea
alambre
Andres
imprenta
simple
sentro
kontra

Mga Pantig

a-sam-ble-ya
a-lam-bre
An-dres
im-pren-ta
sim-ple
sen-tro
kon-tra

- 3) Na may apat na katinig na magkasunod, ang unang dalawa ay kasama sa patinig na sinusundan at ang huling dalawa ay sa patinig na kasunod:

Halimbawa:

Salita

ekstra
eksklusibo
transkripsyon

Mga Pantig

eks-tra
eks-klu-si-bo
trans-krip-syon

b. Ang Pag-uulit ng Pantig

Ang mga tuntuning sinusunod sa pag-uulit ng pantig ay:

- 1) Kung ang unang tunog ng salitang-ugat o batayang salita ay patinig, ang patinig lamang ang inuulit.

Halimbawa:

a-lis
i-wan
ambon
ak-yat
eks-tra

a-a-lis
i-i-wan
a-am-bon
a-ak-yat
e-eks-tra

Ang tuntunin ding ito ang sinusunod kahit may unlapi ang salita.

Halimbawa:

mag-alis
ma-iwan
um-ambon
nag-akyat
um-ekstra

mag-a-alis
ma-i-iwan
u-ma-am-bon
nag-a-ak-yat
u-me-eks-tra

- 2) Kung ang unang pantig ng salitang-ugat o batayang salita ay nagsisimula sa katinig-patinig, ang katinig at ang kasunod na patinig lamang ang inuulit.

Halimbawa:

ba-sa
la-kad
lu-dag
tak-bo
nars

ba-ba-sa
la-la-kad
lu-lu-dag
ta-tak-bo

mag-ba-ba-sa
ni-la-la-kad
nag-lu-lu-dag
ma-ta-tak-bo
mag-na-nars

- 3) Kung ang unang pantig ng salitang ugat o batayang salita ay may klaster na katinig, dalawang paraan ang maaaring gamitin. Ito ay batay sa kinagawian ng nagsasalita.

- a) Inuulit lamang ang unang katinig at patinig

Halimbawa:

plan-tsa
pa-plan-tsa-hin
mag-pa-plan-tsa

pri-to
pi-pri-tu-hin
mag-pi-pri-to

trans-per
ta-trans-per
mag-ta-trans-per

ku-wen-to
ku-ku-wen-tu-han
mag-ku-ku-wen-to

- b) Mayroon ding gumagamit ng paraang sumusunod sa pag-uulit ng pantig. Inuulit ang klaster na katinig kasama ang patinig.

Halimbawa:

plan-tsa
pla-plan-tsa-hin
mag-pla-plan-tsa

pri-to
pri-pri-tu-hin
mag-pri-pri-to

trans-per
tra-trans-per
mag-tra-trans-per

kwen-to
kwe-kwen-tu-han
mag-kwe-kwen-to

Pang-anim. Ang Gamit ng Gitling

Ginagamit ang gitling (-) :

- a. Sa pag-uulit ng salitang-ugat o mahigit sa isang pantig ng salitang-ugat.

Halimbawa:

araw-araw

dala-dalawa

isa-isa
apat-apat

sari-sarili
sali-saliwa

- b. Kung ang unlapi ay nagtatapos sa katinig at ang salitang nilalapian ay nagsisimula sa patinig na kapag hindi ginitlingan ay magkakaroon ng ibang kahulugan.

Halimbawa:

mag-alis
nag-isa
nag-ulat

pang-ako
mang-ulo
pang-alis

- c. Kapag may katagang nawawala sa pagitan ng dalawang salitang pinagsama.

Halimbawa:

pamatay ng insekto
kahoy sa gubat
humigit at kumulang
lakad at takbo

pamatay-insekto
kahoy-gubat
humigit-kumulang
lakad-takbo

- d. Kapag may unlapi ang tanging ngalan ng tao, lugar, bagay o kagamitan (brand), at sagisag o simbolo. Ang tanging ngalan ay walang pagbabago sa ispeling.

Halimbawa:

maka-Diyos
maka-Rizal
maka-Pilipino
taga-Baguio
taga-Luzon
taga-Antique

mag-Ajax
maka-Johnson
mag-Sprite
mag-Corona
mag-Ford
mag-Corolla

- 1) Sa pag-uulit ng unang pantig ng tanging ngalang may unlapi, ang gitling ay nalilipat sa pagitan ng inulit na unang pantig ng tanging ngalan at ng buong tanging ngalan.

Halimbawa:

mag-Johnson
mag-Corona
mag-Ford

magjo-Johnson, magdyo-Johnson
magco-Corona, magko-Corona
magfo-Ford, magpo-Ford

mag-Corolla
mag-Zonrox

mag-co-Corolla, magko-Corolla
magzo-Zonrox, magso-Zonrox

- e. Kapag ang panlaping ika- ay iniunlapi sa numero o tambilang.

Halimbawa:

ika-3 n.h.
ika-10 ng Enero
ika-9 na buwan

ika-20 pahina
ika-8 rebisyon

- f. Kapag isinulat nang patitik ang mga yunit ng praksyon.

Halimbawa:

isang-kapat (1/4)
lima't dalawang-kalima (5 2/5)
tatlong-kanim (3/6)

- g. Kapag nananatili ang kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal.

Halimbawa:

lakad-pagong
bahay-aliwan
urong-sulong

- h. Kapag pinagkakabit o pinagsasama ang apelyido ng babae at ng kanyang asawa.

Halimbawa:

Gloria Santos-Reyes
Conchita Ramos-Cruz
Perlita Orosa-Banzon

- i. Kapag hinati ang isang salita sa dulo ng isang linya.

Halimbawa:

Ginagamit ito sa pagsasanay ng wastong pag-
bigkas ng mga salita.

Pampito. Ang Gamit ng Kudlit

Ginagamit ang kudlit (') bilang kapalit o upang kumatawan sa letra o mga letrang nawawala kapag ang pang-ugnay o pananda sa pagitan ng dalawang salita ay ikinakabit sa unang salita.

Halimbawa:

tuwa at hapis	tuwa't hapis
paniwala at paninindigan	paniwala't paninindigan
kaliwa at kanan	kaliwa't kanan
ama at ina	ama't ina
wika at panitikan	wika't panitikan
tayo ay aalis	tayo'y aalis
ikaw ay matulog	ika'y matulog
tahanan ay maligaya	tahana'y maligaya

Pangwalo. Ang Gamit ng Tuldik

Bagama't kailangang matutuhan ng mag-aaral ang pagtutuldik, opsyonal naman ang paggamit nito. Ang paggamit ng tuldik ay kailangan upang mapag-iba-iba ang kahulugan ng mga salitang magkakatulad sa ispeling ngunit magkakaiba sa diin at bigkas. Kailangan din ang kaalaman sa tuldik sa paggamit ng diksyunaryo upang mabigkas nang wasto ang mga entring salita.

Halimbawa:

pitó	(bilang)
pito	(hinihipang instrumentong pangmusikal; isang laruan; gamit ng pulis sa pagtatrapik)
hamón	('ham')
hamon	('challenge')
balót	(itlog ng pato na nagsisimulang mabuo ang sisiw)
balot	(empake)
bukás	(di nakasara, abyerta)
bukas	(kasunod na araw)
bagá	(ekspresyon)
bagà	('live ember')